# ILANG TALA SA KASAYSAYAN NG ANTROPOLOHIYA AT SOSYOLOHIYA SA UNIBERSIDAD NG PILIPINAS 1921-1951

*Nitong 2021, ginunita ang sentenaryo ng pagkakatatag ng Departamento ng Antropolohiya at Sosyolohiya sa Unibersidad ng Pilipinas. Mula noong 1921 hanggang 1951, magkasama sa iisang departamento ang mga disiplina ng Antropolohiya at Sosyolohiya sa U.P. Tingnan natin ang mga tampok na pangyayari sa loob ng tatlumpung taon ng pagsasama ng Antropolohiya at Sosyolohiya nang mga panahong iyon.*

## ANTROPOLOHIYA SA UP



*H. Otley Beyer*

**1914** UNANG ITINURO NI **H. OTLEY BEYER** ANG ANTHRO 1 (GENERAL ANTHROPOLOGY) SA ILALIM NG HISTORY DEPARTMENT SA COLLEGE OF LIBERAL ARTS NG U.P.

**1917** ITINATAG ANG DEPARTMENT OF ANTHROPOLOGY NA BINUBUO NINA BEYER, **ENCARNACION GONZAGA**, AT **CECILIO LIM**

**1918** NADAGDAG SINA **MARCELO TANGCO** AT **HAZEL CLARK TAYLOR** SA KAGURUAN NG ANTROPOLOHIYA

*Mga kurso sa Antropolohiya: General Anthropology, Ethnography of Eastern Asia and Oceania, Philippine Languages, Economic Development of Mankind, Social Anthropology, Social and Economic Life of Philippine Pagan Peoples, Philippine Ethnography, Special Teachers' Course, Philippine Folklore, Folklore of Eastern Asia and Oceania, Physical Anthropology, Philippine Archaeology, Special Problems in Philippine and Oceanic Anthropology*

## ANG PAGSANIB

**1921** PINAGSANIB ANG ANTROPOLOHIYA AT SOSYOLOHIYA (NA DATING NASA *DEPARTMENT OF ECONOMICS AND SOCIOLOGY*) PARA BUUIN ANG *DEPARTMENT OF ANTHROPOLOGY AND SOCIOLOGY.* SI H. OTLEY BEYER ANG NAGING TAGAPANGULO NG PINAGSANIB NA DEPARTAMENTO

**1922** NAGSIMULA ANG PAGTUTURO NG MGA KURSONG GRADWADO SA BAGONG DEPARTAMENTO

## LAYUNIN NG DEPARTAMENTO

1925

*"The courses of study in the Department of Sociology and Anthropology are designed to offer a broad foundations for advanced work in all subjects dealing with human society and development of civilization (such as History, Political Science, Economics and Commerce, Philology, Literature and the Drama, Esthetic Art, Religion, Philosophy, and professional study of Law and Government, Education, and Business Administration. Certain courses are also of special value in connection with the professional study of Medicine, Public Welfare Work, Military Science, etc."*

*☒Graduate study is also offered leading to the degree of Master of Arts or Master of Science, depending upon whether the candidate's major is sociology, ethnology, physical anthropology, or criminology.*
*☒*
*- U.P. General Education Catalogue, 1925:99.*

## ILAN SA MGA NAGSIPAGTAPOS

1928

NAGTAPOS NG M.A. ANTHROPOLOGY SI **LIN HUIXIANG** (TOMAS HUIXIANG LINN), ANG UNANG GRADWEYT SA PROGRAMANG GRADWADO NG DEPARTAMENTO. ANG TESIS NIYA AY PINAMAGATANG "*A STUDY OF CHINESE CUSTOMS OF THE PAST*"



*Lin Huixiang*

1949

NAGTAPOS NG M.A. ANTHROPOLOGY SI **FR. FRANK X. LYNCH, S.J.** NA MAY TESIS NIYA NA PINAMAGATANG "*A TYPOLOGICAL STUDY OF NEOLITHIC STONE IMPLEMENTS OF THE RIZAL-BULACAN REGION*"



*Frank X. Lynch, S.J.*

## PAGSASARA AT PAGHIHIWALAY

**1941** NAGSARA ANG U.P. DAHIL SA DIGMAAN

**1945** MULING PAGBUBUKAS NG U.P. PAGKATAPOS NG DIGMAAN

**1949** LUMIPAT SA DILIMAN MULA SA PADRE FAURA ANG DEPARTAMENTO

**1951** MULING ITINATAG ANG HIWALAY NA *DEPARTMENT OF ANTHROPOLOGY,* HABANG ANG SOSYOLOHIYA AY IPINALOOB SA BAGONG TATAG NA *DEPARTMENT OF SOCIOLOGY AND SOCIAL WELFARE*

**1954** NAGRETIRO SA PAGTUTURO SI BEYER AT NAGING UNANG PILIPINONG TAGAPANGULO SI **MARCELO TANGCO**

### *Ilang repleksyon*

*Hindi pa ako ipinapanganak noong 1921 hanggang 1951 kung kaya't wala akong personal na maibabahaging mga karanasan ko tungkol sa panahong iyon. Pero maaari akong magbahagi ng aking mga karanasan mula noong huling bahagi ng Dekada 70.*

*Pumasok ako bilang freshman sa BA Antropolohiya sa UP Diliman noong 1976. Si E. Arsenio Manuel ang Tagapangulo ng Departamento ng Antropolohiya nang taong iyon. Noong sumunod na taon, si Ponciano Bennagen naman ang nanungkulan bilang Tagapangulo. Nasaksihan ko sa mga panahong iyon na may mahigpit pa ring ugnayan sa pagitan ng Antropolohiya at ng Sosyolohiya kahit pa man may magkahiwalay nang departamento para sa dalawang disiplinang ito. Una, parte ng kurikulum ng BA Antropolohiya noong panahong iyon ang ilang kurso sa Sosyolohiya, tulad ng Introduksyon sa Sosyolohiya at ang kursong Social Change. Ikalawa, may mga propesor ako na nanggaling din sa Sosyolohiya ayon sa kanilang kursong batsilyer o masterado. Ikatlo, may samahan kami ng mga mag-aaral na tinatawag na Alyansa ng mga Mag-aaral sa Agham Panlipunan (ASAP), na binubuo ng Anthropology Society, Sociology Society, at iba pang mga organisasyon.*

*Noong nakatayo pa ang Faculty Center, madalas na nagkakahalubilo ang mga propesor at mga istudyante na nagmumula sa iba't ibang disiplina, kabilang na ang Antropolohiya at Sosyolohiya. Sa kantina sa ikalawang palapag ng Faculty Center, impormal na nagkakaroon ng palitan ng mga ideya at kuro-kuro. Sa FC Conference Hall, nagkakaroon naman ng mga sampaksaan tungkol sa mga isyung panlipunan. Dahil panahon noon ng batas-militar, mga isyu na may kinalaman sa pagsikil sa karapatang pantao ang madalas na tinatalakay sa mga sampaksaang ito, katulad halimbawa ng planong pagtatayo ng Chico Dam sa Kordilyera at pag-aaresto ng military sa mga lider ng maralitang tagalungsod.*

*Sa aking palagay, hindi na masyadong nagaganap ang mga pagsasalubong na ito ng dalawang disiplina. Napapansin ko na bibihira na lang na may istudyante ako sa Antropolohiya na nanggagaling sa kursong BA Sosyolohiya. Lalo pang kakaunti ang mga mag-aaral ng Antropolohiya na kumukuha ng mga kurso sa Sosyolohiya. Wala na rin ang pisikal na mga espasyo kung saan maaaring magkakahalubilo ang mga antropolohista at sosyolohista dahil nasunog na ang Faculty Center at magkalayo na ang mga opisina ng Departamento ng Antropolohiya (na nasa Pavilion 1) at ng Departamento ng Sosyolohiya (na nasa Silangang Palma). Pantindi pa ng pandemya ng COVID-19 ang pakawala ng harapang pagtatagpo ng mga mag-aaral at mga guro. Dahil sa mga salik na ito, lumaki nang lumaki ang paghihiwalay ng Anthropolohiya at Sosyolohiya sa UP.*

*Sana ay muling maibalik ang interasksyon sa pagitan ng Antropolohiya at Sosyolohiya kahit pa man may magkahiwalay itong mga departamento. Ang pambansang kumperensyang nagdiriwang sa sentenaryo ng Departamento ng Antropolohiya at Sosyolohiya ay isang magandang hakbang tungo sa muling pagsasalubong ng dalawang disiplina. Sana ay masundan pa ito ng iba pang mga aktibidad tulad ng iba pang mga seminar, magkasamang pananaliksik, pagtutulungan sa pagtuturo, at kumon na publikasyon. Maraming Salamat po.*

*Prop. Nestor T. Castro, PhD.*
*Departamento ng Antropolohiya*
*Unibersidad ng Pilipinas, Diliman*